Magasin ng BAGONG Buhay

Linggo, Nobyembre 25, 1951



Ang makasaysayang bantayog ni Andres Bonifacio sa Balintawak na sagisag ng "Unang Sigaw"



# sa bawa't hakbang...

"ay magkakaroon ng digmaan at ng usap-usapan tungkol sa digma, nguni't hindi pa ang wakas." At magkakaroon ng mga pagtatangka ng mga diktador, komunismo, pagsalakay at paghihimagsik, doon at dito — nguni't hindi pa ang wakas... sapagka't ang buhay ay magpapatuloy, sa kabila ng gumigitaw na mga usap-usapan. At habang patuloy na unti-unting gumagalaw ang buhay... mangangailangan tayo ng tahanan upang kalásagin laban sa ulan, sa hangin at sa init ng sikat ng araw. Maghahangad din tayo ng kaginhawahan sa kábila ng mga karalitaan. Mangangailangan din tayo ng pilak sa ating mga lukbutan kung may pilak na ang ating buhok... Ang bawa't angkan ay patuloy na magsisikap upang maging malaya at matatag sa panánálápi. At ang mga samahan ng seguro sa buhay ay magpapatuloy sa lumalaganap na paglilingkod sa sangkatauhan... sapagka't ang seguro sa buhay ay tinataglay hindi dahil sa humahanda na tayong mamatay — kundi dahil sa humahanda tayo upang mabuhay.

The Philippine American

EARL CARROLL
PRESIDENT

WE SERVE THE PHILIPPINES

HOME OFFICE
WILSON BUILDING, MANILA

# KUNG PAANO INUSIG AT PINATAY ANG "AMA NG KATIPUNAN"

***Sinulat ni JESUS C. OLEGA***


BAKIT inusig at pinatay si Andres Bonifacio, ang Ama ng Katipunan na siyang bukal ng biyaya ng ating mga kaligayahang tinatamasa sa ngayon? Sa anong dahilan at sila'y pinag-usig na humantong sa parusang kamatayan? Ibinabansag ng Mahihiwagang Kasulatan ang ganitong mga pangyayari?

Alinsunod kay Heneral Artemio Ricarte Vivora sa akda nitong ANG KAPULUNGAN SA TEHEROS (La Asamblea de Tejeros) ay ito:

Nagdaos ng pulong ang mga taga-Magdiwang na pangkat nina Andres Bonifacio at ang mga taga-Magdalo na pangkat nina Heneral Emilio Aguinaldo, upang doo'y pag-usapan at itatag ang Pamahalaang Manghihimagsik sapagka't nagtagumpay na noon ang hukbong Pilipino o ang Katipunan at kinakailangan na nila ang pagpili ng magsisiugit sa pamahalaang manghihimagsik. Ang nangulo sa pulong ay si Andres Bonifacio at pinagkaisahan nila na ang sinumang magtagumpay na mahalal sa alinmang tungkulin ay igagalang at pagtitibayin sapagka't ito ang pasya ng nakararami.

Si Heneral Emilio Aguinaldo na noo'y nasa larangan at nakikipaglaban, bagama't hindi kaharap, ay siyang napiling maging Pangulo ng Pamahalaang Manghihimagsik. Napili o nahalal ding Pangalawang Pangulo si Heneral Mariano Trias samantalang si Andres Bonifacio naman ang napili o nahalal sa tungkuling pagka Kalihim Panloob o *Secretario del Interior*. Subali't ang kalungkot-lungkot ay tinutulan ni Daniel Tirona ang pagkakahalal kay Andres Bonifacio sa nabanggit na tungkulin sa pagmamatuwid nito na ang dapat lamang maghawak sa tungkuling iyan ay isang magaling na manananggol. Sinabi pa ni Tirona na aniya'y: *Mayroon tayo ritong magaling na manananggol at ito'y si Jose del Rosario*, at isinigaw pang: *Mabuhay si Jose del Rosario!*

Sa ginawing ito ni Daniel Tirona ay siniklaban ng apoy ng poot si Bonifacio at bilang kasagutan ay ganito naman ang kanyang nasabi: *"Ang lahat at bawa't isang napahalal ay iginalang at pinagtibay natin nguni't bakit nang ako ang mahalal sa pagka-Kalihim Panloob ay inyo namang tututulan?"* Sa gayo'y pinukpok niya ng malyete ang mesa bago aniya'y: *"Sa aking pagka-Pangulo sa Kapulungang ito ay pinawawalan kong bisa ang lahat ng dito'y pinagtibay at pinagkaisahan."* At sabay umalis na kasama ang kanyang mga taunan.



*Ang monumento sa Grace Park na itinayo sa alaala ni Bonifacio at ng mga Katipunerong nagsipagbalikwas sa "Unang Sigaw"*

Iyan ang naging dahil ng paghiwalay at isinama ng loob ni Andres Bonifacio. Samantala naman, sa lilim ng Pamahalaang Manghihimagsik ay nagpatuloy ng panunuparan sa kanikanilang tungkulin ang bawa't isang kagawad na nahalal.

Sa pangyayaring iyan at sa paghiwalay ni Bonifacio, alin ang dapat bigyang kasalanan, ang mga taga-Magdiwang o ang mga taga-Magdalo? Ang mga tauhan ba ni Bonifacio ang siyang umusig sa mga tauhan ni Heneral Aguinaldo, o ito ang siyang gumawa ng usap laban sa isa?

Sanggunilin natin ang palagay ng bawa't isang kinauukulan:

Ang RELATO DE SU ESPOSA (Mga Pagtatapat ng Maybahay ni Bonifacio) ay kaisangpagkukuro ni Apolinario Mabini sa aklat nitong LA REVOLUCION FILIPINA bilang pagbibigay kasalanan na, ang umuugit noon ng Pamahalaan, ang pangkat ng mga taga-Magdalo nina Heneral Aguinaldo, ang siyang may pananagutan sa pagkapatay kay Andres Bonifacio, sapagka't kagyat na lamang na ito'y inusig gayong walang dapat na panagutang kasalanan.

Subali't sa akda namang PEOPLE NOT AGUINALDO RESPONSIBLE FOR BONIFACIO'S DEATH na sinulat ni Don Epifanio de los Santos ay pinatutunayan na si Aguinaldo ay di gumawa ng anomang lisya sa loob at labas ng paglilitis kay Bonifacio, na katulad ng isang salarin, bagama't hinihiling ng mga pangyayari upang pagtibayin niya ang hatol na kamatayan ng Sangguniang Digma. Bilang kaugnay ng akda ni Don Panyong ay pinatutunayan ni Dekano Maximo M. Kalaw sa aklat nitong THE DEVELOPMENT OF PHILIPPINE POLITICS na itinuturo sa Unibersidad ng Pilipinas, na ang mga taga-Magdiwang ang siyang unang bumaril sa pangkat na pinamumunuan ni Koronel Bonzon na mga kawal ng Pamahalaang Manghihimagsik.

Dahil dito ay ipinaratang kay Bonifacio ang kasalanang PAGGUGHO SA PAMAHALAANG MANGHIHIMAGSIK kaya't inusig at nilitis siya sa pamamagitan ng Sangguniang Digma.

Si Placido Martinez ay siyang naging tagapagtanggol kay Andres Bonifacio at si Teoging tagapagtanggol kay Procodoro Gonzales naman ang napio Bonifacio, samantalang ang naging Piskal ay si Jose Elises. Pinatibayan ng Piskal na ang magkapatid na Bonifacio ay nagkasala sa tangkang Pagbabangon at Pagguguho sa Pamahalaan. At dahil sa kasalanang iyan, hiniling ng Piskal na sila'y dapat gawaran ng parusang Kamatayan.

Sa paglilitis ay hindi nakuhang mapabulaanan, alinsunod sa pagmamatuwid ng tagapagtanggol ni Andres Bonifacio na si Placido Martinez, ang paratang na ito; kaya't hiniling na lamang niya na patawarin ang kanyang ipinagtatanggol na si Andres Bonifacio.

Pinatunayan ng Sangguniang Digma na hindi lihim kay Andres Bonifacio na may isang Pamahalaan nang natatatag sa pook na kanyang kinaroroonan. Na, kanyang inuupatan ang mga pinuno at mga kawal ng Pamahalaang Manghihimagsik upang sumapi sa kanya at siya'y nagtatago sa Limbon at doo'y naghahanda siya ng lakas upang gamitin ito sa pagguguho sa Pamahalaang Manghihimagsik. At pinatunayan pa rin ng nabanggit na Sangguniang Digma na siya (Andres) ang siyang unang bumaril sa pangkat nina Koronel Bonzon. Dahil sa mga pagkakasalang ito ay inusig siya sa kasalanang Pagbabangon at Pagguguho sa Pama-

**(Buklatin sa pahina 13)**



# May Dugo Ang Lupa

*Katha ni* ***APOLINARIO P. BULAONG***



**MALAGIM NA TAGPO SA BUKID NA IKINASAWI NG ISANG BUTIHING BABAE SA KAMAY NG MALULUPIT AT MGA WALANG PUSONG KAAWAY**

SI SENYONG ay walang kakilus-kilos sa pagkakatayo. Ang bisig na matipuno't nagngangalit ang mga ugat ay tila nakagapos sa kung anong bagay. Kunot ang kanyang noo, tiim ang bagang. Sa madilat na matang walang kakurap-kurap na nakatitig sa kanyang bahay na pawid ay nakabadha ang magkahalong pangamba at pagngingitngit. Waring hindi siya humihinga, nanlalamig ang buong katawan sa mahahayap na tingin ng mga kawal na nakapaligid sa kanya. Litung-lito ang kanyang isip.

Ilang saglit pa at ang kawal na pumasok sa bahay ay lumabas sa may hagdanan, bitbit ang isang malaking balutan ng damit. Sandali itong tumigil, naghagis sa kanyang gawi ng isang mabalasik na tingin, saka dali-daling nanaog at lumapit sa kanya. Pabagsak na inihapag ang balutan.

—Hindi ka pala aalis, ano? —ang pakutyang wika ng kawal sa isang tinig na sing-tigas ng butuhan niyang mukha at singtalim ng nanlilisik na mga mata. —Ngayon din ay isasama ka namin. Upang mamulat ka, naintindihan mo?

—Nguni't.... —Bahagya nang bumuka ang bibig ni Senyong.

—Ano! Marami ka pang tutol. Ano ang sinasabi mo?

—Ako po'y may tatamnang bukid ngayon. At ang asawa ko'y.....

—Saka mo na tamnan ang iyong bukid. Ang asawa mo 'kamo'y ano?

—Nagdadalang-tao po.

—Aaaa.... —Tumangu-tango ang kawal.—E, nasaan ba ang iyong asawa?

—Siya'y umalis. Hindi ko po siya mapigil sa pag-alis.

—At bakit?

—Siya'y... siya po'y natatakot.

—Natatakot pala, ha —Ngumisi ang kawal. —E, ikaw, hindi ka ba natatakot?

Hindi umimik si Senyong

—Tinatanong kita kung di ka natatakot? Bakit ayaw kang sumama sa amin? Ano ang ibig sabihin ng balutang iyan? Saan nagpunta ang iyong asawa? Dinadahilan mo pa ang kanyang pagdadalang-tao, a. Magsabi ka nang totoo. Pinaalis mo ang iyong asawa, ano? Natatakot kang baka kung anuhin namin, ano?

Bago napagwari ni Senyong kung ano ang gagawin sa kanya ay dumapo na sa mukha niya ang magkabi-kabilang sampal. Pinagdimlan siya ng paningin at damdam niya'y nagtilamsikan ang apoy sa kanyang mukha.

—Akala mo ba'y maloloko mo kami?—ang patuloy ng kawal. —Sinungaling. Walang-hiya!—At siya'y sinikaran nang ubus-tindi sa tagiliran na ikinasubsob nya sa lupa. Ang kawal ay lumingon sa gawing likuran at kinindatan ang tatlong kasamahan na naghihintay lamang pala nang gayon. Lumapit ang tatlong kawal kay Senyong at pagdaka'y pinagdagukan ito. Naghali-halili ang mga sampal, suntok, sipa, hampas at palo ng riple hanggang ang kanyang katawan ay malamog at sa bibig niya'y dumaloy ang dugo. Masakit at lubhang mahapdi! Datapwa, higit ang kirot na nararamdaman ng kanyang loob. Ang budhi niya'y sumisigaw... sa malawak at piping karimlan.

**Ang kaluluwa ko kaya'y nasa isang pagsubok? Nakataya mandin ang aking paninindigan, ang aking pananalig, ang aking pag-asa....**

Kangina lamang ay nagtatalo sila ni Sita. Nasa banig pa siya nang mamulatan na lamang niya ang kanyang asawa sa tabi ng baol at nagbabalot ng damit. Madilim-dilim pa noon at ang tanging tumatanglaw sa ginagawa nito'y ang liwanag na pumapasok sa nakabukas na durungawan.

—Sita!—ang wika niyang paanas nguni't makabagbag-damdamin. Nagbangon siya at umupo sa unan, ang kamay niya'y nakapatong sa tuhod. —Talaga bang hindi ka na mapipigil sa pag-alis?

—Senyong,—ang nangangatal na tugon ng babae,—ako'y totoong takot na takot! Mamamatay ako sa takot pag nagpaliwanag pa tayo ng araw dito. Nakaalis nang lahat ang mga kapit-bahay natin, a! Ibig mo pa bang abutan tayo dito ng mga sundalong 'yon?

—Nguni't, Sita, sinabi ko na sa iyong hindi ako makaaalis. Alam mong may tanimin akong dapat asikasuhin ngayon. May manok diyan, may baboy, may kalabaw at lahat. Mapababayaan ko bang iwan ang kabuhayan natin dito?

—Di mo ba maipagpapaliban ang pagtatanim? Mahalaga pa sa iyo ang halaman kaysa buhay mo. Kung patay ka na ba, sino pa ang makikinabang niyon?

—Kahibangan! Bakit ka umaasa sa mamamatay? Ang hirap sa iyo'y ikaw rin ang tumatakot sa sarili mo.

—Ano ang magagawa ko'y sa natatakot ako? O, Senyong, tayo na sabing umalis, e. Umalis na tayo, Senyong!

—At saan tayo pupunta?

—Sa Maynila. Du'n muna tayo tumira sa mga nanay.

—Naloloka ka ba? Patitirahin



## Kabayanihan



...At aking nakita sa isang pangarap
ang dilim sa langit na walang katulad;
naglaho ang araw sa bunton ng ulap,
bahagya ma'y walang makitang liwanag.

Nahubdan ng ganda ang mga tanawin,
natuyo ang batis ng madlang paggiliw;
nawalan ng laya ang diwa't damdamin,
walang di-yumuko sa pagkaalipin.

Sa habag ng puso'y di-mahahanapan
ang puti sa isang kayumangging kulay;
kung may tanging lingap na maaasahan
ay pait ng lalong abang kamatayan

Ginising ang lahi sa pagkabusabos,
pinaaring-palad ang dalang-pamatok;
ang magtaas-noo't magtakwil ng takot,
agad susukatan ng dilang-pag-ayop.

Ang gawang-sumunod sa pita ng hari,
kung magkabihira, ang ikatatangi;
sa munting pagsuway ay parang pinili
ang kusang yakapin iyang dalamhati.

Nguni't, ang wika nga'y di-panghabang araw,
bulag ang alipin sa kawalangmalay;
may diwang titindig sa kabayanihang
ang tabak ay apoy na makatarungan.

Iyan ang tumupok sa karimlang-ulap
na tumabing-tabing sa manang-liwanag;
ang lahing busabos ay muling namulat
sa katotohanan ng layang pangarap.

—En. C. Aglcham

---

mo ako sa Maynila'y narito ang ating kabuhayan?

—Mga ilang araw lang naman tayo ruon, e.

—Kahit na isang araw lamang.

—Senyong....!

Tumindig ang lalaki at nagtungo sa may durungawan. Hinagod nang tanaw ang kanyang linang na katatapos lamang niyang tudlingan nang sinundang araw. Ang namumulang liwanag ng bukang-liwayway ay nasisinag sa nanginginang niyang mukha. Matagal siyang di-tumitinag. Waring hindi siya natitigatig nguni't sa kanyang mukha'y nakabakas ang isang kasidhian, parang may inaasam na malubhang bagay na mangyayari.

—Kung may pagtingin ka sa akin,—ang basag ni Sita sa katahimikang namagitan, —kung minamahal mo ako...

—Hindi mo lamang nauunawaan, Sita.

—Hindi nga! Wala na akong naunawaan sa pamumuhay dito. Si Sita'y napaluha.

Lumapit si Senyong kay Sita na patuloy sa pagsasalansan ng mga damit.—Tingnan mo, Sita. Ang lahat nang ito'y ginagawa ko alang-alang sa ating hinaharap, sa ating pamilya. Kailangan namang tupdin mo ang iyong tungkulin. Matuto kang magbata't magtiis. Ikaw at ako'y dito mabubuhay sa bukid. Ito ang tanging pamana sa akin ng mga magulang kong nabuhay at namatay dito. Ikaw at ako'y....


**TEOTICO CLINIC**

URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICE

7-9 A.M. No. 2 Legarda,
2-3 P.M. Tanduay.

(10-12 A.M. / 4-7 P.M.) Calvo Bldg., Escolta


Ang kanyang pagsasalita'y biglang pinutol ng isang putok ng ripleng humahaginit sa kakahuyan. Nabitiwan ni Sita ang hawak na damit. Napayakap kay Senyong at napabulalas ng Susmaryosep!

—Huminahon ka. Lakasan mo ang iyong loob. —Nagtindig si Senyong at muling nanungaw. Sinilip niya ang paligid nguni't walang anumang napansin. — Huwag kang matakot. Hindi tayo maaano dito.

—Naku, Senyong! 'Yon ba'y namimili pa ng tatamaan?

—Ano ang palagay mo sa mga iyon? Tao rin iyong katulad natin. Hindi basta pumapatay ng mga walang kasalanan.

—Kung patay na ba ang kanilang nabaril, pa'no pa nila malalamang wala ngang kasalanan 'yon?

—Magtigil ka na nga! Pati ako ay tatakutin mo pa.

—Aba! Di ko iniaalis na huwag kang matakot. Nguni't ako... ako'y talagang di na tatagal. Sa ibig mo't sa ayaw, ako'y aalis.

—Maliksing pinugong ni Sita ang balutan at saka kinipkip ito.

Naging masakit sa pandinig ni Senyong ang himig ng pangungusap ni Sita. Naglatang ang kanyang damdamin. Sinugod niya ang asawa, sinunggaban ang balutan at inihagis ito sa sahig. Sinampal si Sita at ipinagtulakan sa pinto, sabay wika nang buong panggigigil:—Sulong! Lumayas ka!

Napahagulgol nang iyak si Sita. Ang mata niyang hilam sa luha ay nabigo sa pagsusumamo. Tutop ng palad ang mukha, siya'y lumabas sa pinto at tuluyang nanaog nang walang paalam.

Si Senyong ay napapitlag. Nakita na lamang niyang pinagkakaguluhan ng mga kawal ang balutan ng damit. Nag-aagawan. Pagkaraan ng ilang sandali, bawa't isa'y may kanikanyang nakuha — isang kamiseta, pantalong maong, kamisa-

*(Buklatin sa pahina 11)*




# Sulyap sa Buhay ni ANDRES BONIFACIO

***Sinulat ni ANTONIO ABLAZA***

## ANG "AMA NG KATIPUNAN" AY NAGKAROON DIN NG PAG-IBIG SA "IKAPAT NA KAPANGYARIHAN"

SI ANDRES BONIFACIO ay isinilang sa purok ng Tundo noong ika-30 ng Nobyembre ng taong 1863. Ang kanyang mga magulang ay sina Santiago Bonifacio at Catalina de Castro.

Ang mga unang karunungan ni Andres ay natamo niya sa kolehiyo ni G. Guillermo Osmeña, kabilang sa mga kilalang pangalan noong panahong iyon ng kabataan ng magiting na bayani.

Sapagka't maagang naulila sa pag-aaruga ng mga magulang, napilitan si Andres na tumigil sa pag-aaral upang harapin ang paghahanap-buhay sa pamamagitan ng pagpapatulo ng pawis. Isa sa kanyang mga naging hanap-buhay ay ang paglalako o pagbibili ng mga baston at abanikong papel na sarili niyang yari. Nagkaroon din siya ng pagkakataong maging katiwala sa isang bahay-kalakal ng nagngangalang G. Fleming, gayundin naging tagapagbili ng mga kalakal ng isang malaking kompanya.

Ang pagkakaroon ng hilig ni Andres Bonifacio sa pagbabasa ng mahahalagang aklat ay nakatulong ng malaki sa pagaangkin niya ng malawak na isipan hanggang sa matanim sa kanyang puso ang hangaring ihasik sa kanyang bayan ang binhi ng paghihimagsik dahil sa nakikita niyang aba at aping kalagayan. Kabilang sa mga aklat na kinagiliwan niyang basahin ay ang *Memorias de un Soldado* sa kasaysayan ng *La Revolucion*



*Andres Bonifacio*.

*Francesa*, aklat na di niya pinagsawaang tunghayan maging sa larangan ng paghahamok. Nahubog din ang kanyang isipan ng mga akalat na sinulat ni Dumas, *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ng bayaning si Dr. Jose Rizal, *La Solidaridad*, *Bibliya*, *Los Miserables*, ni Victor Hugo, *Las Ruinas de Palmira* at marami pang iba. Nagkaroon din siya ng pagkakataong makapagbasa ng ilang aklat sa Batas kagaya ng *Codigo*, *Derecho Internacional* at iba pang mahahalagang kasulatang pangbayan.

Salamat sa pagkahilig at walang sawang pagbabasa ni Andres ng mga akalat na iyan at lumawak ang kanyang mga kaalaman hinggil sa mga bagaybagay sa buhay ng tao lalunglalo na sa pagmamahal sa bayan na siya niyang tinaglay hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay.

May nagsasabing nang panahong yaon ay kinilala ng ilan ang kakayahan ng panulat ni Bonifacio, at nagkakailan ang mga naging bunga ng kanyang panitik na binasa-basa sa mga lalong liblib na tahanan at pook. Pinatutunayan ng matandang kasulatan na si Andres Bonifacio ay isa sa mga nagsalin sa tagalog ng "Huling Paalam' ni Rizal. Kabilang sa mga naging bunga ng kanyang panitik ay ang tulang may pamagat na "*Katapusang Hibik ng Pilipinas*" na ang huling bahagi ay matutunghayan sa ibaba·

*Sarisaring silo sa ami'y inisip*
*kasabay ang utos na tuparing pilit,*
*may alumbrado bayad kami'y tikis*
*kahi't isang ilaw ay walang masilip.*

*Ang lupa at bahay na tinatahanan,*
*bukid at tubigang kalawaklawakan,*
*at gayon din naman mga halamanan*
*sa paring kastila ay binubuwisan.*

*Bukod pa sa rito'y ang iba't iba pa,*
*huwag nang saysayin, oh! Inang Espanya,*
*sunod kaming lahat hanggang may hininga,*
*tagalog di'y siyang minamasama pa!*

*Ikaw nga, oh! Inang pabaya't sukaban,*
*kami'y di na iyo saan man humanggan;*
*ihanda mo, Ina, ang paglilibingan*
*sa mawawakawak na maraming bangkay!*


*Sa sangmaliwanag ngayon ay sasabog,*
*ang barila't kanyon katulad ay kulog,*
*ang sigwang masasal ng dugong aagos*
*ng kanilang bala na nagpapamook.*

*Di na kailangan sa Espanya ang awa*
*ng mga tagalog, oh! Inang kuhila!*
*paraiso namin ang kami'y mapuksa,*
*langit mo na naman ang kami'y madusta.*


*Paalam na, Ina, itong mapuksa,*
*paalam na, Ina, itong nasa hirap,*
*paalam, paalam, Inang walang habag,*
*paalam na ngayon, Katapusang tawag!*

---

(Ang mga sinundan ay hango sa bahagi ng mga nilalaman ng isang aklat na may pamagat na "Kung Paano Pinatay ang Ama ng Katipunan".)




## BAGONG GUSALI NG SAMPAGUITA PICTURES



Ang bagong gusali sa bakuran ng Sampaguita Pictures sa Gilmore Avenue na pinasinayaan noong ika-18 ng Nobyembre, kasabay ng pagdiriwang sa kaarawan ng naging Senador Jose O. Vera at ng pagsapit sa ika-15 taong buhay ng Sampaguita.




Nang ginugupit ni Hukom Vera, pangulo ng Sampaguita, ang laso sa pintuan ng kabubukas na gusali.




Gaya ng matandang kaugaliang Pilipino, ang pagbubukas sa bagong gusali ay tinampukan ng makulay na seremonya at palatuntunan at ng pagsasabog ng salapi ng mga pinuno, direktor at artista ng Sampaguita na siyang makikita sa larawan.


# Tingnang UNA ANG PILIPINAS..



Dalawin ang bantog na TALON ng MARIA CRISTINA sa Lalawigan ng LANAO. Sa pag-iral ng lahat ng palatuntunan sa industriya ng bansa, ang katangitanging handog na ito ng kalikasan ay lumilikha sa mga karatig-bayan na isang pook ng kasaganaan. Sa kabilang dako, ang mga sapatos na goma ng JACINTO, bantog na produkto at kadluan ng lubos na kasiyahan sa taglay na disenyo, katibayan at katipiran, ay nagdudulot ngayon sa lahat ng kaluguran sa mga paglalakbay at pagmamasid. Sa kabila ng lahat, tingnang una ang Pilipinas... at "umangat sa hangin" sa pamamagitan ng JACINTO!



"ART LARSEN" STYLE
Championship Tennis Shoes

MALAMIG NA PANG-ITAAS

- TANGING LASO NG SAPATOS
- MALAMBOT NA PANGLOOB
- DOBLE SUWELAS
- NATATANGING DISENYO

Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.
5th AVENUE, GRACE PARK — TEL. 2-67-61

**GANTIMPALANG SALAPI!!**


Magbabayad kami ng P20.00 sa magpapadala ng anumang larawang kuha sa kapuluan na mahalaga sa mga turista, na mapipili ng bahay-kalakal na ito upang ilathala kaugnay ng yugtu-yugtong anunsiyong ito. Ang larawan ay kailangang lakipan ng mga tala, gaya ng kinaroroonan, mga paraan at kailangan upang makarating sa naturang pook, at iba pa. Ipadala ang inyong mga kuhang-larawan at isang sobreng kinasulatan ng inyong tirahan sa M. M. de los Reyes Advertising Agency, Box [illegible], Maynila.

**KALENDARYO NG MAGSASAKA**
Inilalathala ng "Bagong Buhay" at ng Pangasiwaan sa Pagtutulungang Pang-kabuhayan ng E. U. ukol sa kagalingan ng mga magsasaka sa Pilipinas.

# ANG INYONG GULAYAN



## LALONG SAGANANG PAGKAIN — LALONG MALIIT NA GUGOL — LALONG MALUSOG NA PAMILYA



Ilipat ang mga punla sa sadyang taniman ng bawa't gulay. Itanim sa mga lalim na gaya ng pagkakabaon ng mga punla. Sikaping huwag magkatabi-tabi ang mga pananim.

Paano lalagyan ng mga puwang ang mga tanim sa gulayan

| Mga uri ng pananim | Agwat sa pagitan ng mga hanay | Agwat ng pananim sa isa't isa ng mga hanay |
|---|---|---|
| Repolyo | 70 CMS | 60 CMS |
| Talong | 75 CMS | 50 CMS |
| Kamatis | 80-100 CMS | 60-80 CMS |
| Sili at petsay | 40-60 CMS | 40-60 CMS |




Buhaghagin ang lupa sa pagitan ng mga hanay sa pamamagitan ng asarol o pala. Buhaghagin hanggang sa lalim na 8 sentimetro.



Pagbutihin ang paglilinang sa lupa, alisin ang mga damo at yagit pag nagsisitubo na ang pananim. Sagayo'y hindi ito masisira ng maliliit na hayop na karaniwang sumisira sa mga tanim.



Kayo ay hindi na bibili ng gulay na kakailanganin ng inyong pamilya sa araw-araw kung kayo ay magtatanim ng gulay sa inyong bakuran sa iba't ibang panahon.



Makakakain kayo ng sariwang gulay buhat sa inyong sariling gulayan! Lalong maliit ang inyong magugugol! At magiging lalong malusog ang inyong pamilya!

**PAHALANG**

1. Baytang ng pag-aaral
6. Muog
10. Lubid
14. Nabalik sa dati
15. Pag-aalis ng balbas
16. Katagang panuno sa malapit
17. Pampapuno sa taynga
18. Apat na pares
19. Hangad
20. Kabayong pangarera
22. Tamang palagay
23. Pananda sa dagat (kinaltas ang unang titik)
24. Taguri sa mayaman


*Tanging Inihanda ukol sa mga*

**SANGGOL AT BATA**




**Mula sa pagiging SANGGOL hanggang sa LUMAKI, kailangan ng isang bata ang METRO'S CASTORIA na may TIKI-TIKI upang ipagsanggalang siya laban sa BERI-BERI, DIARRHEA, DI PAGKADUMI, SAKIT NG TIYAN, at KOMBULSIYON.**

**Ang METRO'S CASTORIA na may TIKI-TIKI ay nagtataglay ng "Wormseed Oil" na mabisa laban sa impeksiyon ng mga bulate.**

*Kailangang maging*

**METRO'S CASTORIA NA MAY TIKI-TIKI**


*upang maasahan...*

Mabibili sa lahat ng Botika
*Mga Tagapamahagi*
**METRO DRUG CORP.**
880-882 Abenida Rizal, Maynila

FORMULA: Each 3 fluid ounce contains: [illegible] by volume, 8%.

| | | |
|---|---|---|
| [illegible] | 21.32 | gms. |
| Pumpkin seed | 2.22 | gms. |
| Sodium salicylate | 0.11 | gm. |
| Tiki-tiki Extract | 15.00 | cc. |
| Wormseed | 1.11 | gms. |
| Rochelle salt | 8.53 | gms. |
| Sodium bicarbonate | 0.44 | gm. |
| Flavored Syrup | | q. s. |


# *Panlinggong* PALAISIPAN ng BAGONG Buhay



25. Takba
27. Higit (sa kastila)
28. Paroon
32. Batugan
35. Maghahangad
36. Mga dami
37. Pinuno ng 62 ng hukbo
38. Urong (kinaltas ang unang titik)
39. Hinahawakan para di makakilos
41. Pangkat na dumukot kay Araneta
42. Itinakip sa butas
43. Balaraw (unang pantig)
44. Ligid
45. Kahalagahang taglay
46. Karamdaman ng bata
49. Pangalang lalaki
52. Pelikulang tungkol sa pagibig
54. Iwas
55. Liksi
57. Banda ni Tirso
58. Walang palad
59. Intsik
60. Pakikipagkita upang kausapin (kinaltas ang unang pantig)
61. Salamin ng kalooban
62. Ikot
63. Bayang industrial sa Hapon

**PABABA**

1. Anaki
2. Ina
3. Lapat ang tunog
4. Ningas
5. Lunsod
6. Pulutong
7. Pagibig sa tubig
8. Paraw (huling pantig)
9. Subok
10. Nilandas
11. Katagang panuro
12. Aglahi
13. Kapatid na lalaki ng asawa
21. Batid (huling pantig)
22. Maamong hayop
25. Hina
26. Ilog sa gitnang Luson
27. Makikituus ng pautang
28. Delegadong ruso sa UN
29. Bigas gobyerno (kinaltas ang huling titik)
30. Pangalang intsik
31. Asosasyon (iniklian sa ingles)
32. Kuyom na kuyom
33. Pangalang moro
34. Pagkaing butil
35. Ibang taguri sa Lakan
37. Mintis
40. Halamang tubig
41. Malaking tao ng Liberal
43. Makapanig (sa ingles)
45. Untog
46. Ipusta
47. Segurado
48. Ilahok
49. Banal na sandali sa simbahan
50. Barahang may halagang bilang
51. Likha
52. Anong gagawin
53. Paglayo sa panganib
55. Produkto sa dagat (kinaltas ang huling titik)
56. Alak

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Nob. 11

1. *Bb. Gregoria Ramos* — 819 P. Noval, Samp., Maynila.
2. *Bb. Crisanta Uy* — —Gapan, Nueva Ecija
3. *Amadeo A. Venuya* — 7th Ave., Grace Park, Caloocan, Rizal
4. *Matias Bernardo* — Sta. Lucia, San Juan, Rizal.
5. *Brigido Lunaria* — Meykawayan, Bulakan.

Magsisitanggap sila ng ttigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: *PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.*

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng PALAISIPAN ay hindi pahahalagahan. Ang mga nanalo na sa PALAISIPAN na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanaluning muli.)

## Sagot sa Nakaraan



## MAY DUGO . . .

(*Karugtong ng nasa pah. 5*)

dentrong kaki o isang saya. May isang tuwang-tuwa sa kanyang nakuha—isang tapis-Baliwag na may guhit-guhit na kulay at pinung-pino ang pagkakahabi. Subali, ang pinakamapalad sa lahat ay ang kawal na mapalalong kinakalog ang isang alkansiyang bao na kumakalansing sa maraming laman.

Kamalam-malam ay umalingawngaw ang isang putok na sinundan ng putak ng manok. Nagsunud-sunod ang mga putok at ang putakan ay lumakas nang lumakas. Pagkakuwan ay umungol ang baboy. Ang sigawan, ang halakhakan, ang kalukkusan at kalampagan ay nakabubulahaw. Sa di-magkamayaw na ingay, si Senyong ay nakaulinig ng isang tinig na anaki'y tili ng isang babae. Siya'y nag-alaala kay Sita...

—Huwag!!!—Sa salitang ito'y ibinuhos ni Senyong ang nagnapoy niyang poot. —Alam ng Diyos ang ginagawa ninyong ito sa amin!

Hindi nagpabaya ang dalawang kawal. Maliksing binaliti ang kanyang kamay at kinaladkad siya sa punong mangga sa likod-bahay. Habang siya'y iginagapos doon, siya'y nagpapapalag, nagpupumiglas, nagtutungayaw. Nguni, ano ang lakas ng dalawa niyang bisig sa marami? Ano ang lakas ng kanyang poot sa nakaambang poot ng ripleng nakatutok sa kanya?

Mula sa kanyang kinagagapusan ay natatanaw niya ang mabalasik na kawal na nakaumang ang baril sa kanya. Napikit ang isang mata niyon at sa pagkakatikwas ng bibig ay nadarama niya ang kasabikan niyong umutas ng kanyang buhay. Sa isang iglap ay kakalabitin na ang gato ng riple. Sa isang iglap ay papasok ang nagbabagang tingga sa kanyang laman upang sipsipin ang nalalabi pang init ng kanyang katawan. Sa isang iglap ay mapipinid nang ganap ang kanyang paningin sa lahat ng mahal niya — sa kanyang tahanan, sa kanyang bukid, sa kanyang si Sita.

At sa isang iglap na iyon ay matuling nagbalik ang putaputaking alaala ng kanyang nakaraan. Naroon silang dalawa ni Sita sa pitak at magkasalong kumakain. Naroon siya, isang batang m a y labingdalawang taong gulang, nakakapit sa kanyang tatang sa paragos samantalang ito'y hinihila ng kanilang kalakian. Naroon ang kanyang inang, nakaratay sa banig, at napapatawa sa kanyang sinasabi: "Pagkakaasawa ko, hindi ka na magkakasakit sa kagagawa—ang asawa ko ang maglilinis ng bahay, magluluto, maglalaba, magtatanim, manggagapas, manggagamo sa bukid, mag-iigib, magsisibak ng kahoy, mag-..." "Bakit," ang agap ng matanda, "asawa mo na lang ba ang gagawa at ikaw ay aahina't dudulutan na lang?" Siya'y napatawa rin. Naroon si Sita sa balon at nakadukwang dito. "Hindi ho ganyan ang pagsalok ng tubig,' ang wika niya. Heto ho ang panalok." Siya na ang sumalok at pinuno ang banga ni Sita. Ito naman ay nagpasalamat at matuling lumakad na kakabiyak ang bakya. Sumilip si Senyong sa balon at duon nakita ang kabiyak ng bakya. Napatawa siya nang malakas at si Sita'y kumarimot na lamang nang takbo. Naroon ang kanyang tatang at inang kapwa nakagapos sa punong mangga, nakayukayok, tigmak ng dugo ang kanilang dibdib na may tarak ng ispadang-Samuray, nilalangaw, umaalingasaw...

**Tama na, hindi ko na nais pang magunita ang napagsapit nila sa kamay ng mga taong walang-Diyos, walang puso't kaluluwa!**

Parang naalimpungatan si Senyong. Sa halip ng babaril

(*Buklatin sa pahina 14*)




**Isa sa mga kawanihang nagpapasok tauntáon ng malaking halaga sa kabang-bayan ng pamahalaan ay**

# Ang Kawanihan ng Palimbagang Bayan

*Sinulat ni EULOGIO GERMAN CRUZ*



*Direktor Pablo Lukas*

IPAGDIRIWANG ngayon ang ikalimampung taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Palimbagang Bayan o "Bureau of Printing" sa Pilipinas, kaya napapanahon ang maikling salaysay na ito.

### ANG PAGKATATAG NG BUREAU OF PRINTING

Ang "Bureau of Printing" ay itinatag noong Nobyembre 1, 1901 sa bisa ng Batas bilang 296 ng "Philippine Commission," nang panahong nanunungkulan bilang goberandor sibil ang yumaong pangulo ng Estados Unidos, William Howard Taft.



*John S. Leech*

Sa maraming mga tanggapang naisip na itayo ng naging Gobernador Taft ng Pilipinas ay isa na ang Palimbagang Bayan o "Bureau of Printing." Sumangguni si Gobernador Taft sa Washington at humingi ng tulong sa noon ay patnugot ng Palimbagang Bayan ng Estados Unidos, Frank W. Palmer. Itinagubilin ni Palmer ang yumaong si John Sylvannu Leech upang siyang magtayo ng Palimbagang Bayan sa Pilipinas na siyang pinapangarap ni Gobernador Taft. Si Leech noon ay kinikilalang dalubhasa sa gawaing paglilimbag sa tanggapan ni Palmer, isang matalinong manlilimbag na mapagkakatiwalaan sa katapatan sa tungkulin, may matining na kalooban at maipagmamalaking ugali na mahirap masumpungan sa iba niyang mga kamanggagawa nang panahong iyon. Dahil sa mga katangiang iyan, kaya kay Leech napabuhos ang lahat ng pagtitiwala ng kanyang puno upang siyang ipadala sa Pilipinas na kasasakop pa lamang noon ng Amerika sa nakaraang digmaang Amerikano-Pilipino.

Inabot si Leech ng mahigit na dalawang buwan at kalahati sa pag-iisip at paghahanda ng lahat ng kakailanganing mga kagamitan sa Palimbagang Bayan na itatayo niya sa Pilipinas. Matapos malagdaan ang lahat ng mga kinakailangang kasulatan ay tumulak agad si Leech na patungong Pilipinas upang simulan ang kanyang gawain.

Ang unang balakid na nagpasakit ng ulo ni Leech ay ang kakulangan sa mga tauhan.

Ang unang naging gusali ng Palimbagang Bayan ay ang dating kolehiyo ng Bellas Artes ng Pilipinas sa pook na sa kasalukuyan ay kinatatayuan ng Peoples Homesite and Housing Corporation sa may pagitan ng "City Hall" at dating "Botanical Garden."

### PAGTANGGAP SA MGA BAGONG MANLILIMBAG

Pagkaayos ng kauna-unahang gusali ng Palimbagang Bayan ay isinunod agad ni Direktor Leech ang pagtanggap ng mga kabataang Pilipino na nagsisipaghangad na maging manlilimbag o "apprentices." Ang mga bagong manlilimbag na Pilipino ay pinasasahod ni Leech ng P.40 isang araw, nguni't tinataasan ang sahod tuwing anim na buwan kung ang paglilingkod ay kasiyasiya. Sina Direktor Lucas at ang kanyang pangalawang si Manuel Camus, gayon din si Superintendente Amado Jacinto ng Palimbagang Bayan ay pawang naging mga bagitong manlilimbag na nagsipagsimula rin sa sahod na P.40 isang araw noong mga unang taon pa lamang ng pagkakatatag ng "Bureau of Printing."

Ang "apprenticeship system" o pagsasanay ng mga bagong manlilimbag sa 'Bureau of Printing" nang mga unang taon ng pagkakatatag nito ay totoong katangitangi kung ihahambing sa ginagawang pagtuturo noon sa ibang dako ng daigdig. Maging ang bantog na Harvard University ay minsang gumaya sa paraang ginagamit ng "Bureau of Printing" noong taong 1908 na si Leech pa ang patnugot ng Palimbagang Bayan.

Nagsimula ang Palimbagang Bayan na maglingkod sa bayan noong mga unang buwan ng 1902, na ang nangangasiwa ay 67 pinunong Amerikano at 175 Pilipino na pawang mga "apprentices," o bagitong manlilimbag.

Nagsimula ang "Bureau of Printing sa paglilingkod ng 242 katao, ngayon ay 957 lahat ang kanyang mga kawani na binubuo ng matatanda at dalubhasang manlilimbag na may 40 hanggang 50 taong karanasan sa paglilingkod sa pamahalaan. Ang iba ay pawang pangsamantalang mga kawani na nagkapa-



lad na mangatanggap sa Palimbagang Bayan nang mapatigil sa pagkuha ng mga bagong manlilimbag noong 1927, dahil sa pagsisimula ng Krisis na nalikha ng unang digmaang pandaigdig. Ang kalihim noon ng pananalapi ay ang nasirang Miguel Unson, at patnugot ng Palimbagang Bayan si Direktor Pablo Lucas na sa kasalukuyan ay siya pa ring patnugot.

Ang "Bureau of Printing" ay nagsimula na isang mahirap na tanggapan, nguni't hindi nagtagal at ito'y naging isa sa pinakamalakas kumita ng salapi na malakas magpasok ng pakinabang sa kabang-bayan ng pamahalaan. Taun-taon ay nagpapasok ito ng angaw-angaw na pisong pakinabang sa puhunang ipinagkakaloob sa kanya taun-taon.

Nagsimulang sumikat ang bituin ng kapalaran ni Direktor Lucas noong Agosto 9, 1919 nang mahirang siyang pensiyonado sa Estados Unidos upang magaral ng mga karunungan sa palimbagan. Nagbalik siya noong ika-16 ng Hulyo 1921, na isang dalubhasa na sa palimbagan. Nang siya'y maging ganap na patnugot ng Palimbagang Bayan ay noong Hulyo 19, 1922.

Si Direktor Lucas ay isa sa pinakamahusay na patnugot sa kasalukuyan at maging nang mga unang taon pa lamang ng kanyang paglilingkod sa pamahalaan. Ito'y pinatutunayan ng mga pangyayari nang minsang siya'y pagtangkaang pinsalain ng kanyang mga kalaban. Ipinagtanggol siya noon ng nasirang Pangulong Manuel Roxas at sinabing si Direktor Lucas ay di niya maaaring alisin sa pamahalaan sa dahilang ito ang pinakamahusay na direktor noon pa mang bago sumiklab ang ikalawang digmaang pandaigdig.

Muling napabalik sa tungkulin si Direktor Lucas noong Hulyo 1, 1946 matapos maging pansamantalang patnugot si Amado Jacinto sa loob ng 18 ng buwan.

### IBA'T IBANG GAWAING GINAGAMPANAN NG PALIMBAGANG BAYAN

Nagsimula sa isang hamak na kalagayan, ang "Bureau of Printing" ay unti-unting umunlad. Ang unang aklat na nilimbag ng Palimbagang Bayan ay ang 'Economic Geography" ni Hugo A. Miller. Dumami na nang dumami ang mga gawain nito para sa kagamitan ng lahat ng sangay ng pamahalaan. Lumilimbag ang "Bureau of Printing" ng Mga Tala ng Batasang Bansa; badyet o gugulin sa buong santaon ng pamahalaan; balota sa halalan; mga aklat sa Paaralan ng Matatanda; iba't ibang mga selyo na ginagamit ng pamahalaan; tiket sa sweepstakes; "Wikang Pambansa" ng Surian ng Wika o ("Institute of National Language"; gaseta opisyal; at hanggang sa kaliit-liitang papel na ginagamit ng pamahalaan.

### HINDI NAPAPASOK NG POLITIKA ANG PALIMBAGANG BAYAN

Nang panahong si Direktor Leech ay patnugot ng Palimba-

(*Buklaatin sa pahina 15*)

## KUNG Paano . . .

(*Karugtong ng nasa pahina 3*)

halaang Manghihimagsik.

Sa mga paratang na ito ay walang naipaglabang pagmamatuwid ang tagapagtanggol ni Andres Bonifacio kung kaya pinagtibay ng Sangguniang Digma ang paggagawad ng Hatol na Kamatayan. (ITUTULOY)



## MAY DUGO . . .

(Karugtong ng nasa pahina 11)

sa kanya, ang namalas niya sa kanyang harap ay ang puno ng mga kawal. May anyong kagila-gilalas. Nakasukbit ang hinlalaki sa sinturera ng pantalong "fatigue" at ang gorang kaki ay nakatakip nang bahagya sa matang malalim at mabigat ang talukap. May bigoteng makapal na nagbibigay-dahas sa humpak na mukha. Mababa ang tinig at matatag kung magsalita.

—Huwag kang matakot. Hindi ka namin papatayin.

Si Senyong ay nabuhayan ng loob. Nanauli ang kanyang lakas.

—Maniwala kayo, wala akong kabalak-balak umalis. Hindi ko nga lamang mapigil ang aking asawa.

—talagang hindi ka natatakot? Sa amin?

—Hindi po.

—Naniniwala kang kami'y hindi masasamang tao?

—Opo. At naniniwala rin akong kayo'y hindi basta pumapatay ng kapuwa.

—Nalalaman mo ba ang ipinakikipaglaban namin?

—Ipinakikipaglaban ninyo ang inyong simulain. Ang inyong karapatan. Ang katarungan.

—Magaling! Ganyan ang lalaki. Ganyan ang kinakailangan ng kilusan.

Si Senyong ay nakahinga nang maluwag. Ang pakiramdam niya'y parang nakalag ang lubid na sumasakal sa kanyang leeg. Ang kirot ng pagkabugbog sa kanya'y biglang napawi.

Hinaplus-haplos ng puno ang kanyang bigote, saka idinugtong: —Palagay ko'y maaari kang sumama.

Malumanay man ang pagkakabigkas, ang huling salita ng puno ay tila dagundong ng kulog na tumulig kay Senyong. Anhin man niyang tumanggi ay wala na siyang magagawa pa. Inilagay siya sa unahan ng mahabang hanay ng mga kawal. Sunud-sunuran siya sa puno upang huwag na niyang abutin pa ang mabugbog na muli.

Ang puno'y nasa isang tabi ng hanay, sa gawing likod.

—Lakad!—ang malakas na sigaw na umaalingawngaw sa buong kabukiran.

Ang hanay ng mga kawal na dala-dala ang kanilang mga nakurakot na mga damit at hayop ay lumakad na animo'y isang dambuhalang ahas na gumapang na palabas sa bakurang iyon, tungo sa daang-nayon.

—Alisto kayo! Barilin siya nag nagtangkang tumakbo!

Si Senyong ay lumakad, buo ang loob. Nakatingin siya sa malayo at paminsan-minsan ay sumusulyap sa magkabilang gilid ng makitid na landas na natatakpan halos ng malagong talahib. Nasusurot ang mukha niya ng matutulis na dulo nito na para bagang binabalaan siya sa nakaambang panganib. Ang makapal niyang talampakang dati-rati'y hindi idinaraing ang mga tinik at subyang, ngayon ay nakakaramdam sa kagalasan ng lupa. Pati ang mga punong-kahoy na walang katiga-tigatig at nahihintakutan manding maggalaw ng dahon ay lihim na nagbabalitang siya'y napipinto sa kapahamakan.

Batid niyang sa anumang sandali, siya'y maaaring barilin. Batid rin niyang ang anumang pagtatangkang tumakas ay mahirap nang magawa. Gayunpaman, iyon lamang ang tanging nasa isip niya. Siya'y tatakas at kailangang siya'y makatakas. Hindi niya maaatim na sumama sa kanila. Hindi niya matitiis na lisanin ang kanyang bukid. Na lisanin si Sita.

**Sana'y narito ka, Sita sa mga sandaling ito —upang pumigil sa akin, upang magsumamo para sa akin, upang lumuha para sa akin...**

At, simbilis halos ng kidlat, siya'y sumibad nang takbo! Datapwa, bigla siyang napatigil nang mamalas ang kanyang si Sita, nakahandusay sa lupa! Hindi siya makapaniwala. Tumangis siyang mistulang isang batang musmos at halos ipaghampasan ang nanlulumong katawan sa ibabaw ng bangkay.

Mataman niyang pinagmasdan ang asawa. Ang gusot na buhok nito, ang mga galos sa dalawang bisig, ang punit na baro at putikang saya ay nagpapakilala ng isang mahigpit na pagtutol, ng isang nagpupuyos na paghihimagsik laban sa isang maitim na hangarin. Gayumpaman, ang singkit na mata'y nakapikit na tila natutulog lamang, ang maputlang labi'y nakangiti nang bahagya at ang mayamang dibdib na may tamang punlo sa tapat ng puso ay busog na busog at sa malas ay pinipintigan pa ng buhay. Hinagod niya nang tanaw, mula sa ulo hanggang paa, hanggang sa ang kanyang paningin ay mapako sa dugong umagos at natuyo sa lupa. Napapitlag ang kanyang puso.

**Sa kabila na lahat, siya'y hindi nasawi sa kanyang pagkamatay.**

Lumapit ang puno at hinarap si Senyong.

—Pinatay ninyo siya... at maaaring patayin din ninyo ako. Nguni't hindi ako makasasama sa inyo. Hinding-hindi!— Bung-buo ang tinig ni Senyong at mapaghamong tulad ng taasnoo at bakas-luha niyang mukha.

—Barilin siya! Barilin siya! Barilin! — ang mabangis na sigaw ng mabalasik na kawal na sumugod kay Senyong.

Sa isang kisap-mata'y binunot ng puno ang kanyang pistol, lumingon sa papalapit na kawal at binaril ito. Sa isang kalabit ng gato, ang kawal ay nabuwal na namimilipit, parang tiniban ng saging nang sumayad sa lupa.

Lumayo ang puno. Sa isang hudyat ng kamay nito, ang mga kawal ay nagsilakad na papalayo. Habang iyon ay tinatanaw ni Senyong, napansin niya ang isang kawal na may iniwan sa ibabaw ng talahib. Kinuha niya iyon na walang iba kundi ang magandang tapis-Baliwag.

Maingat na itinapis iyon kay Sita, saka dahan-dahang binuhat ito at bumaling sa kanyang munting dampang nayuyungyungan ng luntiang mangga.

At nakatunghay ang bughaw na langit. (X)

*Gamitin ang inyong daan sa himpapawid . . .*



**LUMIPAD sa PAL**






At Tamasahin ang mahabang Araw ng Pamamahinga. Ang paglipad ay higit na mabilis.. nagtitipid para sa inyo ng mahahalagang sandali, ng mga araw ng paglalakbay. Ang mabilis at mapagtitiwalaang PAL DELUXE DC-3's ay maghahatid sa inyo sa inyong patutunguhan na ganap na nagpapahinga... lubos na nagpapahingalay. At maging sa bilis at kaginhawahan, ang paglipad sa PAL ay kalimitang may mababang halaga.

*Gumawa ng pagpapalaan sa inyong pinakamalapit na tanggapan ng PAL.*

**PHILIPPINE AIR LINES**

ROUTE OF THE Orient-Star

## Ang Kawanihang...

(Karugtong ng nasa pah. 13)

gang Bayan ay ipinatawag siya ng Pangulo ng Estados Unidos upang pangasiwaan ang pagsasaayos ng Palimbagang Bayan sa Washington. Nilisan ni Leech ang "Bureau of Printing" upang manungkulan sa kanyang bayan. Nang patnugot na si Leech sa "Washington Printing Office" ay itiniwalag niya agad ang mga tauhang tangkilik ng mga politiko na nagpapabigat lamang o pasanin ng pamahalaan. Naging mainit sa kanya ang mga mata ng politiko hanggang sa siya'y tagubilinan ng Pangulo na rin ng Estados Unidos na magbitiw sa tungkulin. Iyan ang naging mapait na naidulot ng politika sa buhay ng yumaong Direktor Leech.

Sa lakas ng mga politiko ay napalayas si Leech sa kanyang tungkulin sa Washington, nguni't muli siyang nakabalik sa Maynila upang maging direktor uli ng "Bureau of Printing" na siya ang unang nagtatag. Nang maging patnugot siyang muli ng Palimbagang Bayan ay itinanim niya sa kanyang puso at isip na kailan man ay hindi na niya babayaang mapasok ng lakas ng politika ang sinapupunan ng "Bureau of Printing" habang siya ang patnugot nito. Hanggang sa huling araw ng ipinaglingkod ni Leech sa Palimbagang Bayan ay hindi nagtagumpay kailan man ang mga politiko sa kanilang pagtatangkang makapanghimasok sa kanyang tungkulin. Alam niya ang lahat ng bagay na dapat niyang gawin sa kanyang "Bureau" at sampu sa kanyang mga kawani.

Nang si Direktor Lucas ay magkapalad na maging patnugot ng Palimbagang Bayan nang magsimula na ang "Filipinization" sa pamahalaan ay sinikap niya hangga't maaari na bakasin at isagawa sa "Bureau" ang lahat ng paraang ginawa ng kanyang mga unang gurong Amerikano. At kahi't na ang tungkulin ni Direktor Lucas ay kaloob ng pinakamataas na politiko sa Pamahalaan na dili iba't ang Pangulo ng Pilipinas, at mangyayaring mamamalagi lamang siya sa kanyang tungkuling ito habang nasisiyahan sa kanyang paglilingkod ang taong nagbigay sa kanya ng nabanggit na tungkulin gayunman ay may mga pagkakataong siya'y napapsaubo sa malalakas na politiko na nagsisipagtangkang siya'y gambalain sa matuwid na pamamalakad sa Palimbagang Bayan. Nguni't kailan man ay hindi siya natakot na ipagtanggol ang karapatan ng bawa't mabubuting kawani sa kanyang tanggapan lalo na kung ang pag-uusapan ay ang pagdaragdag ng sahod sa mga karapat-dapat na mga kawani. Hinihiya niya ang mga politiko, kabigan man o hindi, pag natataya ang karangalan niya bilang isang puno ng pamahalaan na walang kinakailangang kilingan kundi ang katarungan.

Nang magdaan ang daluyong sa Pilipinas, o ang ikalawang digmaang pandaigdig na ipinaghari ng mga hapones sa kapuluan sa loob ng tatlong taon halos, ay walang tigatig na naglingkod din sa bayan ang 'Bureau of Printing", isang tanggapan ng pamahalaan na maituturing na pinakamalinis at ligtas sa mga katiwalian.

Iyan ang maikling kasaysayan ng "Bureau of Printing sa gulang na limampung taong singkad. Nagsimula na isang maliit na tanggapan, unti-unting umunlad hanggang sa dumating ang kasalukuyan na angaw na angaw na piso ang ipinapasok sa kabang -bayan. Ito'y utang ng bayan sa masinop na pamamatnugot ni Direktor Lucas, sa tulong ng kanyang pangalawang Patnugot Manuel Camus at Amado Jacinto na siyang kasalukuyang Superintendente ng Palimbagang Bayan, gayon din sa mga puno ng bawa't sangay nito at sa lahat ng kanyang mga kawani na walang sawang naglilingkod sa kabutihan ng bayan.




# EDWARD'S FURNITURE-

## ANG TATAK NG MAKABAGONG TAHANAN

### HUWEGONG PANG-SILID KAINAN –

napakarikit na pagkakayari, ganap na linikha ng mga kamay, at niyaring matibay na may mataas na uring "gloss," sadyang yari upang hindi kumupas at laban sa init at tubig.






### HUWEGONG PANG-BULWAGAN

kagilagilalas na uri ng mga piling matitigas na kahoy sa Pilipinas, matitibay at nagtatagal na sapin, at kasiya-siyang kulay.

### HUWEGONG PANG-SILID-TULUGAN –

kapahipahingang mga uri na may suwábeng kulay, marikit na disenyo, at ang tila sing-lambot-ng-ulap na kaginhawahan ng kutson.



Ang mga muwebles na EDWARD'S ay maaaring yariin upang mabigyang kasiyahan ang inyong panlasa at matugunan ang marikit na ayos ng inyong tahanan. Tumatanggap ng mga pabilin sa ninanais na yari ng kutson.

Edward's
**FURNITURE MFG. CO.**

Bahay-tanghalan — 8 Escolta, Maynila

Pagawaan — Northern Hills, Malabon, Rizal